# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating
**L**ivelihood &
**A**ssets
**B**uildup

Semi-Annual Newsletter ng Carabao-based Business Improvement Network Project
at Coconut-Carabao Development Project | Tomo 3, Blg. 1, 2024 | Unang Isyu




ISSN 2945-4808
01
9 772945 480001

# NILALAMAN


3 18 buntis na kalabaw, ipinamahagi sa MFAC Zambales

3 Unang sulyap ng ALAB Karbawan sa Agusan Del Norte

4 2 bagong Dairy Box sa Davao Region, hatid ang pinalawak na carapreneurship sa mga Davaoeño

4 Unang Dairy Box sa NegOcc, inilunsad; Sen. Mark Villar, pinuri ang Victorias LGU sa dairy initiatives nito

5 ARBs sa Mati City, nakilahok para sugpuin ang malnutrisyon sa Davao Oriental

5 Mga barakong umanib sa negosyong gatasan

6 **CBIN and CCDP sites**

8 **CBIN and CCDP status as of June 2024**

10 ALAB Karbawan, susi para sa progresibong buhay ng mga magsasaka — Sen. Villar

11 Mga Negrenseng carapreneurs, sinanay sa Dairy Box operation, management seminar






Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

# ALAB KARBAWAN

## Editorial Staff

ROWENA S. GALANG
MA. CECILIA I. MARIANO
**Editors**

RONALINE C. CANUTE
**Managing Editor**

FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
MA. CECILIA I. MARIANO
RONALINE C. CANUTE
**Staff Writers**

CHRISTINE HELEN M. ADRIANO
JESON C. CANDOLE
LOUIE JEE C. HUELAR
JESSELLE Y. SALOC
CAMILLA JANE A. SOLIMAN
RODOLFO T. VALDEZ JR.
JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA
**Contributors**

ESTELLA P. VALIENTE
**Subject Matter Specialist**

FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Layout and Illustrations**

RONALINE C. CANUTE
FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Circulation**

LIZA G. BATTAD
**Editorial Adviser**


## PALIWANAG SA PABALAT

Pinangunahan nina Senator Mark A. Villar at Victorias City Mayor Javier Miguel Benitez ang pagbubukas ng unang Dairy Box ng Negros Occidental noong Abril 18, 2024. Tinawag ni Mayor Benitez ang aktibidad na "Great Victorias Carabao Moo-vement" dahil sa kaunlarang hatid nito sa siyudad.




(Larawang kuha ni **LOUIE JEE C. HUELAR**



# 18 buntis na kalabaw, ipinamahagi sa MFAC Zambales

Ni **Camilla Jane A. Soliman**

**Sa ilalim ng proyekto ni Sen. Cynthia A. Villar na Dairy Herd Buildup Project (DHBP), nakatanggap ng 18 buntis na kalabaw ang Masinloc Farmers' Agriculture Cooperative (MFAC) mula sa DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) noong Hunyo 28, 2024 sa Brgy. Sto. Rosario, Masinloc, Zambales.**

Sa mensaheng ipinadala ni Sen. Villar, binigyang-diin niya ang misyon na makamit ang 100% locally produced na gatas. Sinabi rin niya na ang mga bata ay dapat mabigyan ng sapat na sustansyang kailangan nila para sila ay maging matatag, matalino, at malusog.

"Ang mga kalabaw na ito ay dagdag sa naunang 40 head of dairy buffaloes na natanggap ninyo para sa inyong mga miyembro. Upang makamit ang layunin na mapataas ang local milk production ay dapat magkaroon ng tamang breed ng dairy animal, wastong pagpapakain, tamang kulungan, at tamang teknik ng paggagatas at processing nito," ani Sen. Villar.

Inilahad din ni Undersecretary for Livestock Deogracias Victor Savellano sa kanyang video message na ang mga programa ni Sen. Villar ay nagbibigay ng mahahalagang suporta sa pasilidad ng mga magsasaka.

Taos-puso namang nagpasalamat si Hermenegildo Manglicmot, chairperson ng MFAC, sa biyaya na natanggap ng kanilang koop.

Aniya, aalagaan nila ang mga ipinamahaging kalabaw at nangakong susuportahan ang mga susunod pang programa ng DA-PCC sa hinaharap.

Ang mga ipinamahaging kalabaw ay pinalaki at inalagaan sa DA-PCC National Bull Farm upang matiyak na malusog at malakas ang mga ito bago ibigay sa mga magsasaka.

# Unang sulyap ng ALAB Karbawan sa Agusan Del Norte

Ni **Jeson C. Candole**

**Nakatanggap ng 56 na gatasang kalabaw ang 14 na magsasaka ng Maong Farmers Agricultural Cooperative (MAFCO) sa isinagawang entrustment activity sa Provincial Capitol, Cabadbaran City, Agusan del Norte, nitong Enero 15.**

Bahagi ng province-wide development project ng ALAB Karbawan ng DA-PCC ang nasabing aktibidad na pinasinayaan at pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform Chairperson Senator Cynthia Villar.

Ibinahagi ni Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU), ang pangkalahatang-ideya ukol sa proyekto ng ALAB Karbawan. Inilahad niya ang layunin ng proyekto na lumikha ng kabuhayan at mga negosyong nauukol sa mga produktong salig sa kalabaw, partikular sa gatas at karne. Binibigyang-diin niya ang mga benepisyo ng proyekto sa mga kooperatiba at tinalakay niya ang mga oportunidad na may kita sa dairy buffalo value chain, partikular na ang pagsusupply ng mga produktong gatas bilang suporta sa RA 11037 o Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act.

Pinaalalahanan din ni Dr. Elena Paraguas, Carabao-Based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa CMU,

*Sundan sa pahina 11*

PRODUCTION





## 2 bagong Dairy Box sa Davao Region, hatid ang pinalawak na carapreneurship sa mga Davaoeño

Nina **Rodolfo T. Valdez Jr** at **Jesselle Y. Saloc**

# Unang Dairy Box sa NegOcc, inilunsad;

## Sen. Mark Villar, pinuri ang Victorias LGU sa dairy initiatives nito

Ni **Louie Jee C. Huelar**

**Sa pagbubukas ng Dairy Box sa Satellite Market Barangay I sa Victorias City, Negros Occidental noong Abril 18, ang mga Negrenses ay mayroon na ngayong bagong one-stop-shop para sa iba't ibang produkto ng gatas ng kalabaw.**



*Nagkaroon ng simbolikong milk toast sa pagbubukas ng Dairy Box sa Victorias City sa Negros Occidental bilang pahiwatig ng pagkakaisa at pangako ng kaunlaran.*

Pinangunahan nina Senator Mark Villar, chairperson ng Senate Committee on Trade, Commerce, and Entrepreneurship, at ni Victorias City Mayor Javier Miguel Benitez ang blessing at inauguration ceremony. Kasama rin sa grand opening sina DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) Deputy Executive Director Dr. Caro Salces, PCC sa La Carlota Stock Farm (PCC at LCSF) Center Director Eva Alvarez, DA Regional Office VI RTD for Operations and Extension Engr. Jose Albert Barrogo, at Provincial Veterinarian Dr. Placeda Lemana.

Ang San Antonio Farmers Multi-Purpose Cooperative (SAFMPC) ay magsisilbing katuwang ng LGU sa pamamahala at pagpapatakbo ng Dairy Box sa Negros Occidental.

Pinuri naman ni Senator Villar sa kanyang mensahe ang City Mayor at LGU dahil sa kanilang innovative initiatives. Binigyang-diin din ni Senator Villar ang layunin at benepisyo ng Dairy Box para sa komunidad ng Victorias City at Negros Occidental Province.

Tinawag naman ni Mayor Benitez ang programa na "Great Victorias Carabao Moo-vement (Movement)," dahil isang pundasyon ito ng kaunlaran sa siyudad.

"Ang mga proyektong ito ay hindi lamang tungkol sa imprastraktura; sila ay mga simbolo ng pag-asa. Sinasalamin nila ang ating pangako sa pag-aalaga sa ating lupain, sa ating mga hayop, at higit sa lahat, sa ating mga tao," pahayag niya.

Ang Dairy Box-Victorias City ay nag-aalok ng pasteurized milk, flavored milk, yogurt, milk gelo, ice cream, kesong puti, cookies, pastillas de leche, at dulce de leche.

**Opisyal na binuksan ang dalawang bagong Dairy Box sa Cateel, Davao Oriental, at Sta. Maria, Davao Occidental noong Marso 12 at Marso 15, 2024 ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).**

Pamamahalaan ng Taytayan Irrigators Farmers Agriculture Cooperative (TIFACO) ang Dairy Box sa Cateel, samantalang ang United CARP Beneficiaries Association Incorporated Multipurpose Cooperative (UNICARBAI) ang may hawak sa Dairy Box sa Sta. Maria. Bahagi ito ng ALAB Karbawan project ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Senator Cynthia A. Villar.

Sa isang video message, binanggit ni Sen. Villar ang kahalagahan ng pagpapataas ng milk production mula sa local farmers upang maging abot-kamay ng kabataan ang masustansyang gatas.

Naghayag naman si Chairperson Joenil Madani ng TIFACO, na aktibong makikipagtulungan ang kanilang kooperatiba sa DA-PCC, USM, at iba pang ahensya tulad ng DSWD, DTI, at Municipal Agriculture Office. "Ang inisyatibong ito ay makatutulong sa mga bata at magsasaka sa Taytayan," aniya.

Hinamon din ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray Atok ang mga key players ng carabao upgrading program na paigtingin ang artificial insemination at bull services. Binibigyan niya rin ng pansin ang pagpaparami ng genetically improved dairy buffaloes para sa mga magsasaka.

Ang dalawang bagong Dairy Box sa Davao region ay dagdag sa tatlong umiiral na mga pasilidad sa Matanao, Davao del Sur; Montevista, Davao de Oro; at Mati City, Davao Oriental.

MARKETING

# ARBs sa Mati City, nakilahok para sugpuin ang malnutrisyon sa Davao Oriental

Ni **Rodolfo T. Valdez Jr.**

**Mahigit 7,000 mag-aaral sa Davao Oriental ang makikinabang sa gatas ng kalabaw matapos makilahok ang Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBENA), isa sa mga samahang tinutulungan ng DA-PCC sa USM, sa milk feeding program ng Department of Education (DepEd) Region XI ngayong taon.**

Sa pahayag ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray Atok, ipinamamalas ng KARBENA na nakasuporta ang gobyerno sa lokal na mga magsasaka at habang pinagbubuti ang nutrisyon ng mga batang Pilipino.

Bukod dito, ang mapabilang ang gatas ng kalabaw sa programa ng DepEd ay nagpapakita ng kahalagahan ng kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan at mga organisasyon.

"Ang ganitong multi-stakeholder approach ay nakatutulong upang matugunan ang partikular na mga pangangailangan ng komunidad, na naglalayong magbigay ng mas inklusibo, matatag, at angkop na solusyon sa malnutrisyon sa Pilipinas," dagdag ni Dr. Atok.

Isa ang KARBENA sa mga nabiyayaan ng mga gatasang kalabaw, dairy processing and marketing facility sa ilalim ng proyektong ALAB Karbawan noong 2019.

# Mga barakong umanib sa negosyong gatasan

Ni **Ronaline C. Canute**

**Ang mga barakong magkakalabaw ng Rosario, Batangas, na sumama sa dumadaloy na negosyong gatas ng kalabaw, ay napadpad sa dakong sagana sa yaman.**

Matapang kung ilarawan ang kapeng barako — produktong kilala sa Batangas. Katulad ng kapeng barako, matapang na hinaharap sa mga hamon ng buhay ang mga miyembro ng The Rosario Livestock Agricultural Farming Cooperative (TRLAFCO) na matatapang na humaharap sa anumang hamon sa kanilang samahan.

Dahil ang kanilang lalawigan ay

*Sundan sa pahina 11*

The **Dairy Box** is an infrastructure support for smallholder dairy farmers and cooperatives assisted by the DA-PCC under its flagship program Carabao-based Enterprise Development (CBED).

It is designed to provide CBED stakeholders with an opportunity to gain access to the commercial market for greater income.

The first Dairy Box, which is a one-stop dairy hub that showcases products of local dairy cooperatives, was established in 2015 in the Science City of Muñoz, in Nueva Ecija and operated by the Catalanacan Multi-Purpose Cooperative Inc. (CAMPCI)

Under the ALAB Karbawan intervention, **78 Dairy Boxes** have been established so far.




# DAIRY BOX SITES

■ *Dairy Box sites under CBED*
● *Newly established sites for first semester of 2024*

## LUZON

•Abulug, Cagayan, Cagayan Valley
Aglipay, Quirino, Cagayan Valley
Asingan, Pangasinan, Ilocos
•Ballesteros, Cagayan, Cagayan Valley
Bangued, Abra, CAR
•Batac, Ilocos Norte, Ilocos
•Boac, Marinduque, MIMAROPA
•Bongabong, Oriental Mindoro, MIMAROPA
Calamba, Laguna, Calabarzon
•Calapan, Oriental Mindoro, MIMAROPA
Camalig, Albay, Bicol Region
Caoayan, Ilocos Sur, Ilocos Region
•Castillejos, Zambales, Central Luzon
Dinalupihan, Bataan, Central Luzon
Dupax Del Sur, Nueva Vizcaya, Cagayan Valley
•Echague, Isabela, Cagayan Valley
•General Trias City, Cavite, Calabarzon
Gubat, Sorsogon, Bicol Region
Jalajala, Rizal, Calabarzon
•Lubao, Pampanga, Central Luzon
•Luna, Apayao, CAR
Maria Aurora, Aurora, Central Luzon
Masinloc, Zambales, Central Luzon
•Ocampo, Camarines Sur, Bicol
Orani, Bataan, Central Luzon
•Pasacao, Camarines Sur, Bicol
•Piddig, Ilocos Norte, Ilocos
Placer, Masbate, Bicol Region
Puerto Prinsesa, Palawan, Mimaropa
•Rosario, Batangas, CALABARZON
Rosario, La Union, Ilocos Region
San Pablo, Isabela, Cagayan Valley
•Sariaya, Quezon Province, Calabarzon
Science City of Munoz, Nueva Ecija, Central Luzon
•Tayabas City, Quezon Province, Calabarzon
Tuguegarao, Cagayan, Cagayan Valley
Victoria, Tarlac, Central Luzon


## VISAYAS

Barotac Nuevo, Iloilo, Western Visayas
•Basey, Samar, Eastern Visayas
•Biliran, Biliran, Eastern Visayas
Carmen, Bohol, Central Visayas
•Catubig, Northern Samar, Eastern Visayas
•Dumalag, Capiz, Western Visayas
Hamtic, Antique, Western Visayas
•Kalibo, Aklan, Western Visayas
•Maasin City, Southern Leyte
•Makato, Aklan, Western Visayas
•Naval, Biliran, Eastern Visayas
•Numancia, Aklan, Western Visayas
•Pamplona, Negros Oriental, Central Visayas
Pandan, Antique, Western Visayas
Parian, Cebu City, Central Visayas
Pinamungajan, Cebu, Central Visayas
•Sagay City, Negros Occidental, Western Visayas
•Jordan, Guimaras, Western Visayas
•Tabuelen, Cebu, Central Visayas
Tagbilaran, Bohol, Central Visayas
Talisay City, Cebu, Central Visayas
Tanjay City, Negros Oriental, Central Visayas
•Tubigon, Bohol, Central Visayas
•Tunga, Leyte, Eastern Visayas
Ubay, Bohol, Central Visayas
•Victorias City, Negros Occidental

CBIN AND CCDP SITES

DAIRY BOX SITES

(Status update as of July 31, 2024.)




**38**

Thirty-eight (38) new established Dairy Box sites for the first semester of 2024 in Luzon island

**LUZON**

**3 Dairy Box sites under CBED**
**2 Dairy Box sites under PL 480**

**30**

Thirty (30) new established Dairy Box sites for the first semester of 2024 in Visayas island

**VISAYAS**

**7 Dairy Box sites under CBED**

**24**

Twenty-four (24) new established Dairy Box sites for the first semester of 2024 in Mindanao island

**1 Dairy Box sites under CBED**
**1 Dairy Box site under PL480**

**MINDANAO**

## MINDANAO

Bayugan City, Agusan Del Sur, CARAGA
•Bislig, Surigao Del Sur, CARAGA
•Cabadbaran City, Agusan Del Norte, CARAGA
•Cateel, Davao Oriental, Davao Region
Compostela, Davao De Oro, Davao Region
Dapitan, Zamboanga Del Norte, Zamboanga Peninsula
Dumalinao, Zamboanga Del Norte, Zamboanga Peninsula
El Salvador, Misamis Oriental, Northern Mindanao
•Ipil, Zamboanga Sibugay, Zamboanga Peninsula
Maitum, Sarangani, Soccsksargen
Matanao, Davao Del Sur, Davao
Mati City, Davao Oriental, Davao
Montevista, Davao De Oro, Davao
•Naawan, Misamis Oriental, Northern Mindanao
Plaridel, Misamis Occidental, Northern Mindanao
Pres. Roxas, North Cotabato, Soccsksargen
•San Francisco, Agusan Del Sur, CARAGA
•Sta. Maria, Davao Occidental, Davao
•Surigao City, Surigao Del Norte, CARAGA
Surrallah, South Cotabato, Soccsksargen
Talakag, Bukidnon, Northern Mindanao
•Tupi, South Cotabato, Soccsksargen

# ALAB KARBAWAN ACCOMPLISHMENTS SUMMARY AS OF JULY 31, 2024

No. of cooperatives engaged in the **Milk Feeding Program**

**TOTAL**
**31**




Processing and marketing infrastructures established

TOTAL **59**

Processing and marketing infrastructures to be constructed

TOTAL **19**

## OPERATIONAL VALUE CHAIN

Since its inception in 2019, a **total** of **41** operational value chains have been established under the ALAB Karbawan project.

All segments of a Carabao-based Enterprise (CBE) value chain are present such as production and consolidation of milk, processing and marketing of products.







**ENTRUSTED BUFFALOES FOR CBIN AND CCDP**

TOTAL **4,330**

**CALVES BORN**

TOTAL **973**

**471** **MALE**

**502** **FEMALE**

**FARMER RECIPIENTS**

**1,930**

**NO. OF CONDUIT FARMER COOPERATIVES/ ASSOCIATIONS (FCAs)**

The number of conduit FCAs engaged in CBEs maintained a steady growth since the project started in 2019.

**81** **CONDUIT CO-OPS**

**17** **SCFOs**
Small Coconut Farmers Organizations (SCFOs)

**VOLUME OF MILK PRODUCED**

**1,946,331.54**

**LITERS**



# ALAB Karbawan, susi para sa progresibong buhay ng mga magsasaka — Sen. Villar

Nina **Ma. Cecilia I. Mariano**, **Jeremie Marinella S. Ledesma**, at **Ronaline C. Canute**

**Binigyang-diin ni Senator Cynthia A. Villar, chair ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, ang kahalagahan ng edukasyon at skills development sa pagkamit ng mataas na kita ng mga magsasaka.**

"Kailangan ng sipag at tyaga ng mamamayang Pilipino para magkaroon sila ng magandang kinabukasan," saad ng senadora sa kanyang pambungad na mensahe sa naganap na opening program ng training na "Capacitating Coconut Farmers on Dairy Buffalo Production for Increased Income," noong Mayo 7, 2024 sa Villar Foundation Farm School and Tourist Farm sa Las Piñas-Bacoor, Cavite.

Hinikayat niya ang mga kalahok na i-apply ang mga natutunan sa pagsasanay pabalik sa kanilang sariling mga probinsya.

Ikinuwento ni Senador Villa ang kanyang pagbisita sa isang barangay ng Pagadian City, na nagbigay inspirasyon sa kanyang suportahan ang dairy buffalo enterprise model.

Ang modelong ito ay bumubuo ng mga pamilyang namamahala ng dairy herds, pagpoproseso, at pagbebenta ng mga dairy products.

Dahil sa kanyang kuryusidad sa economic viability ng nasabing enterprise, isinulong niya ang karagdagang 50 na kalabaw per operation. Humanga siya sa pinagsamang Pagadian's backyard dairy production at Dairy Box branding ng DA-PCC kaya't nagpasya siyang maglaan ng pondo upang ipalaganap ang modelong ito sa iba't ibang panig ng bansa.

Nang sumunod na taon, naglaan ng pondong PHP170 million si Senador Villar sa DA-PCC upang palawakin ang modelo sa 17 na probinsya. Hindi kalaunan ay tinawag ang proyektong ito na Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB) Karbawan. Bawa't isang probinsya ay nakatanggap ng PHP10 million para sa procurement cost ng 50 na kalabaw, isang processing facility, at iba pang miscellaneous expenses.

Nagpahayag ng pasasalamat si Dr. Liza G. Battad, executive director ng DA-PCC, kay Sen. Villar para sa kanyang walang tigil na suporta sa mga carabao-based enterprise programs, na nagbigay ng kabuhayan at business opportunities sa mga dairy farmers.

Ang tatlong araw na training ay nagtataglay ng comprehensive modules para sa buffalo dairy management, nutrisyon, kalusugan, at wastong paggagatas.

Ang training initiative ay isang collaborative effort sa pagitan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at ng DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA), katuwang ang Villar Social Institute for Poverty Alleviation and Governance (SIPAG) Farm School.

# Mga Negrenseng carapreneurs, sinanay sa Dairy Box operation, management seminar

Ni **Louie Jee C. Huelar**

**Sa adhikain na matulungan ang mga kooperatiba sa Negros Occidental at Negros Oriental na makamit ang mataas na profitability ng kanilang negosyong salig sa kalabaw, nagsagawa ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ng seminar tungkol sa Dairy Box operation at management noong Abril 26-27, 2024 sa Victorias City, Negros Occidental.**

Isa-isang pinag-aralan ng mga kalahok ang business literacy at marketing techniques sa milk value chain. Ilan din sa kanilang mga natutunan ang mga paksa sa layout at visual merchandising, pamamahala ng inventory, Dairy Box management calculator, Facebook page promotion, at vision traction organizer.

Bukod dito, ang mga kalahok ay natuto kung paano mag-calculate ng breakeven point at mag-evaluate ng pinansyal gamit ang mga metrics tulad ng ROI at iba pang mahahalagang variables. Bukod dito, natutunan nila ang mga estratehiya at impormasyon tungkol sa pricing at gastos ng produkto.

Mula sa pahina 5

## Mga barakong umanib...

sagana sa matabang lupa, ang mga miyembro ay nagtanim ng palay, mais, niyog, at mga gulay. Nagnegosyo rin sila ng babuyan. Nguni't ang kanilang kita ay hindi sapat upang sustentuhan ang kanilang koop dahil mababa ang presyo ng mga ito sa merkado.

"Mahal ang farm inputs pero napakamura ng selling value. Halimbawa sa pagpapalay, magkakandakuba ka sa taniman pero mababa lang ang bentahan kung anihan. Napakakaunti lang ng kita na kung minsan ay wala pang matitira," ani Chairperson Alvin Virtucio.

Sa inisyatiba ng DA-PCC sa UPLB, naipakilala sa TRLAFCO ang dairy farming noong 2013. Nang sumunod na taon ay nagsimula silang gumawa at mangolekta ng gatas mula sa alagang kalabaw ng kanilang mga miyembro. Ang bawa't litro noon ay binibili nila ng PHP40 na ngayon ay umaabot na ng PHP70 hanggang PHP75 kada litro.

Ayon kay Alvin, walang mahirap sa pag-aalaga ng kalabaw basta masipag kang gumising nang maaga para paliguan at pakainin sila.

"Kailangang magkaroon tayo ng mindset na sa bawa't minutong ginugugol natin sa pagkakalabaw ay may katumbas na kita," dagdag pa niya.

Noong 2018, marami sa kanilang miyembro ang nagkainteres sa pagkakalabaw kaya ang dati nilang pangalang Barangay Agricultural and Fisheries Council (BAFC) ay naging TRLAFCO.

Naging maayos ang daloy ng kanilang koop hanggang sa nagkaroon ng pandemya na sumubok sa kanilang tibay. Nguni't hindi nagtagal, dahil sa pagtutulungan ng mga miyembro, isa-isa nilang nalampasan ang mga naging hamon sa kanilang kooperatiba.

Ngayon, nakatuon sila sa pagbibigay ng suporta sa mga lokal ng Rosario. Nagsimula na silang maghatid ng tulong sa mga PWD at magbigay ng school supplies sa mga bata.

Mula sa pahina 3

## Unang sulyap ng ALAB...

ang mga magsasaka na nakatapos ng 34 na linggong pagsasanay ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na gamitin ang kanilang kakayahan at kaalaman sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw na ipinagkatiwala sa kanila, lalo na sa aspeto ng produksyon.

Nagpahayag din si Maria Arceli C. Soria, city agriculture officer ng Cabadbaran City, na handa siyang magbigay ng suporta para sa proyekto.

"Napakaswerte namin dito sa Cabadbaran City dahil napili kami bilang isa sa project site para sa proyektong ALAB Karbawan. Ngayon, isa itong hamon sa amin sa Local Government Unit kung paano namin mapapalawak at mapauunlad ang proyektong ipinagkatiwala sa amin ng DA-PCC sa CMU," pahayag ni Soria.

Sa positibong tugon at pangako, ipinahayag ni Liza Parativo, chairperson ng MAFCO, ang kanyang pasasalamat sa pagkakataong ibinigay sa kanilang kooperatiba.

Aniya, inaasahan niya ang pagtutulungan ng bawa't miyembro ng kooperatiba bilang mahalagang kontribusyon sa tagumpay ng proyekto sa Agusan del Norte.

# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

**ALAB Karbawan** is the popularized name for the Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) and Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Since 2019, the project has been implemented in **81 sites** nationwide. The project is operationalized in service areas where all the development interventions and support are provided. This project is unique as it emphasizes on the crucial role of a strong cooperative conduit for each project location. The conduit will co-share with DA-PCC in terms of project responsibility and accountability.

Meanwhile, cooperating local government units and other support agencies will ensure that assets will be used to improve the livelihood of the value chain players through herd buildup, organized collection of milk, and processing and marketing of products.

Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Program Components and Deliverables per Project Site:


**PRODUCTION**


**PROCESSING**


**MARKETING**


**CAPACITY BUILDING & TECHNICAL SUPPORT SERVICES**

**I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.**

DA-PCC K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

DA-PCC Virtual Tour

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

DA- Philippine Carabao Center
www.pcc.gov.ph
(+63) (044) 456.0731
Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph